

# Ako ay Isang Kabataan na Dumating sa Estados Unidos noong Ako ay Bata / Musmos Pa (Childhood Arrival)

## Paano Ako... Makakahiling ng Konsiderasyon na Ipagpaliban ang Pagkilos sa Mga Musmos o Bata Nang Dumating sa Bansa o Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals?

U.S. Citizenship and Immigration Services

August 15th 2012

Noong Hunyo 15, 2012, ipinahayag ng Secretary of Homeland Security na ang ilang mga taong dumating sa Estados Unidos nang sila ay bata pa at nakakatugon sa ilang mga pangunahing patnubay, ay maaari humiling ng konsiderasyon para sa pagpapaliban ng kilos para sa panahon ng dalawang taon, na maaaring ma-renew, at sa gayon, ay maging karapat-dapat para magkaroon ng pahintulot na makapagtrabaho.

Ang mga indibiduwal lamang na mapapatunayan ito sa pamamagitan ng mapapatotohanan na mga dokumento, na sila ay nakakatugon sa mga patnubay na ito ay maaaring isaalang-alang para sa pinagpaliban na pagkilos. Ang mga pagpapasya ay gagawin batay sa bawat isang kaso, ayon sa mga patnubay na itinakda ng memorandum ng Secretary of Homeland Security.

### Paano ko malalaman kung ako ay maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?

Maaari kang humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa kung ikaw ay:

1. Mas bata sa edad na 31 noong Hunyo 15, 2012;
2. Dumating sa Estados Unidos bago sumapit ang iyong ika-16 kaarawan;
3. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon;
4. Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012; at sa panahon nang iyong naisumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa USCIS;
5. Nakapasok sa bansa nang hindi na-inspeksyon bago ang Hunyo 15, 2012, o ang iyong katayuan sa imigrasyon na naalinsunod sa batas ay nagpasok na noong Hunyo 15, 2012;
6. Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng general education development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at
7. Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.

### Paano ako makakahiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?

Kailangan mong i-sumite ang Form **I-821D**, *Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals*. Ang form na ito ay dapat na makumpleto, mainam na nalagdaan at kasama ng **Form I-765**, *Application for Employment Authorization*, at **Form I-765WS**, *Form I-765 Worksheet*. Ang kabiguan na isumite ang nakumpletong Form I-765 (kasama ng mga naaangkop na singil sa pagpapasa ng nasabing form) ay ihihiwalay para hindi maikonsidera para sa ipinagpaliban na pagkilos. Habang walang singil sa pagpapasa ng Form I-821D, kailangan mong ibigay ang $380 na singil sa pagpapasa para sa Form I 765 na may kasamang I 765WS at ang biometrikong singil sa serbisyo na $85 na hinihiling para sa Application for Employment Authorization na may total na $465. Mangyari lamang na basahin ang mga tagubilin sa form para matiyak na naisumite mo ang lahat ng kinakailangan na dokumento para masuportahan ang iyong kahilingan. Mangyari lamang tingnan ang aming website sa **www.uscis.gov/I-821D** at **www.uscis.gov/I-765** para sa kumpletong mga tagubilin sa pagsusumite ng kahilingan

**www.uscis.gov/childhoodarrivals** para sa karagdagang impormasyon hinggil sa proseso ng pagpaliban sa pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa at mga madalas na katanungan.

**Mangyaring Tandaan:** Sa sandaling nakatanggap ka na ng kumpirmasyon na ang iyong kahilingan ay maayos na napasa, padadalhan ka ng paunawa para sa isang pagkikita para bumisita sa isang Application Support Center (ASC) para sa mga serbisyo ng biometriko. Mangyari lamang tiyakin na iyong nabasa at sinundan ang mga tagubilin sa paunawa. Ang kabiguan na dumalo sa iyong biometrikong pakikipagkita ay maaaring magpaantala sa pagpoproseso ng iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa pagpapaliban sa pagkilos, o maaaring magresulta sa pagtatanggi sa iyong kahilingan.

### Saan ko maaaring isampa ang aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?

pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay maaaring isumite sa pamamagitan ng paghulog sa koreo sa USCIS Lockbox. Mangyari lamang bumisita sa website ng USCIS sa **www.uscis.gov/I-821D** o makipag-ugnayan sa USCIS National Customer Service Center sa **1-800-375-5283** para sa pinakahuling impormasyon at mga tagubilin kung saan maaaring isampa ang iyong kahilingan.

### Anong mga katibayan ang dapat kong isumite kasama ng aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?

Mga katibayan, kasama na ang mga sumusuportang dokumento, na iyong naisumite kasama ng iyong kahilingan para sa pagpapaliban sa pagkilos ay dapat na nagpapakitang ikaw ay nakakatugon sa mga patnubay na nakabalangkas sa seksyon sa itaas na pinamagatang “Paano ko malalaman kung ako ay maaaring humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?” Kasama na dito ang katibayan na ikaw ay:

1. Ipinanganak makalipas ang Hunyo 15, 1981;
2. Dumating sa Estados Unidos bago sumapit sa edad na 16 taong gulang;
3. Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon;
4. Nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012;
5. Nakapasok sa bansa nang hindi na-inspeksyon bago ang Hunyo 15, 2012 o ang iyong katayuan sa imigrasyon na naalinsunod sa batas ay nagpasok na noong Hunyo 15, 2012;
6. Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, nag-graduate o nakatanggap ng sertipiko sa pagtatapos ng high school, nakatamo ng sertipiko para sa general educational development (GED), o na ikaw ay marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at
7. Kahit man lamang 15 taong gulang noong ipinasa ang kahilingan, kung ikaw ay hindi pa kailanman nakasali sa mga paglilitis para maalis o kung ang iyong kaso ay natapos bago isampa ang iyong kahilingan.

Para sa impormasyon tungkol sa mga partikular na dokumento na maaaring sapat para sa mga patnubay na ito, mangyari lamang na basahin ang mga tagubilin sa Form I-821D sa **www.uscis.gov/I-821D** at ang mga madalas na katanungan sa **www.uscis.gov/childhoodarrivals**.

### Ang proseso bang ito ay magagamit ko kung ako ay kasalukuyang sumasailalim sa paglilitis para sa pag-alis, may panghuling kautusan para umalis, o may kautusan para sa kusang pag-alis?

Ang prosesong ito ay bukas sa sinumang indibiduwal na maaaring mapatunayan na siya ay nakakatugon sa mga patnubay para makonsidera, kasama na iyong mga hindi pa kailanman napasailalim sa mga paglilitis para maalis, at pati na rin iyong mga paglilitis sa pag-alis na mayroon nang panghuling kautusan o may kautusan para sa kusang pag-alis (basta’t wala sila sa detensyon ng imigrasyon). Kung ikaw ay wala sa detensyon ng imigrasyon at siguradong nais na humiling ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, kailangan mong isumite ang iyong kahilingan sa USCIS. Hindi kailangan na ikaw ay may edad na 15 taong gulang o mas matanda sa panahon nang naisumite ang kahilingan, kung ikaw ay sumasailalim sa mga paglilitis sa pag-alis, may huling kautusan sa pag-alis, o may kautusan para sa boluntaryong pag-alis. Ang lahat ng mga kaso ay isasaalang-alang batay sa bawat isa sa mga ito.

Mag-sumite ng kopya ng kautusan sa pag-alis o anumang dokumentong ipinalabas ng hukom ng imigrasyon o ang huling desisyon ng Board of Immigration Appeals (BIA), kung mayroong handang makuha. Kung ikaw ay hindi napasama sa mga paglilitis sa pag-alis, hindi ito gagamitin sa iyo.

### Ang mabilisang pag-alis ba ay makakagambala sa kahilingan na patuloy na paninirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007?

Isang mabilis, casual at inosenteng pagkawala mula sa Estados Unidos ay hindi makakagambala sa iyong patuloy na paninirahan. Kung wala ka sa Estados Unidos kahit na kailan, ang iyong pagkawala ay maituturing na mabilisan, casual, at inosente, kung ito ay bago ang petsa na Agosto 15, 2012, at;

1. Ang pagkawala ay mabilis at makatuwiran na nakuwenta para matamo ang nilalayon ng pagkawala;
2. Ang pagkawala ay hindi dahil sa isang kautusan ng pagpalayas, deportasyon, o pagpapaalis;
3. Ang pagkawala ay hindi dahil sa isang kautusan para sa kusang pag-alis, o bigay ng pamamahala ng kusang pag-alis bago ang iyong paglilitis sa pagpapalayas, deportasyon, o pag-alis; at

4. Ang layunin ng pagkawala at/o iyong mga pagkilos habang nasa labas ng Estados Unidos ay hindi labag sa batas.

Para sa impormasyon tungkol sa mga partikular na dokumento na maaaring magpakita na ang iyong pagkawala ay mabilisan, casual, at inosente, mangyari lamang basahin ang mga tagubilin sa Form I-821D sa **www.uscis.gov/I-821D** at sa mga madalas na katanungan sa **www.uscis.gov/childhoodarrivals**.

**Magsasagawa ba ng pag-uusig sa nakaraan ang USCIS kapag nirerepaso ang aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**

Oo. Kailangan mong sumailalim sa mga pagsusuri sa nakaraan na biograpiko at biometriko bago mapapatupad ng USCIS ang pagpapasiya sa pag-uusig sa ilalim ng proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa. Kung ikaw ay nahatulan para sa anumang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas na hindi naganap sa iisang araw at hindi mula sa parehong kilos, hindi kasama, o dili kaya'y nagbabanta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko, ikaw ay hindi isasaalang-alang para mapagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa maliban sa mga bukod tanging pagkakataon.

**Anong mangyayari makalipas kong isumite kasama ng aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**

Pagkatapos matanggap ang iyong Form I-821D at Form I-765, rerepasuhin ng USCIS ang mga ito kung kumpleto, kasama na ang pagbibigay ng mga naaangkop na singilin, unang katibayan at mga sumusuportang dokumento. Kung mapagpasyahan na ang kahilingan ay kumpleto na, magpapadala sa iyo ang USCIS ng paunawa ng pagkakatanggap. Tapos ay magpapadala sa iyo ang USCIS ng paunawa na nagtatakda sa iyong pagbisita sa Application Support Center para sa mga biometriko na serbisyo. Maaari mong piliin na tumanggap ng e-mail at/o text message na magbibigay-alam sa iyo na ang iyong form ay natanggap sa pamamagitan ng pagkumpleto sa **Form G-1145**, *E-Notification of Application/Petition Acceptance*. Mangyari lamang tingnan ang **www.uscis.gov/G-1145** para sa mga tagubilin sa E-notification.

Ang bawat isang kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay rerepasuhin batay sa bawat indibiduwal. Ipagbibigay-alam sa iyo ang pagpapasya ng USCIS sa pamamagitan ng kasulatan. Maaaring humiling ng mas maraming impormasyon o katibayan ang USCIS, o maaaring hilingin na ikaw ay magpakita sa tanggapan ng USCIS. Walang apela o panukala na buksan muli/ikonsidera muli ang pagtanggi sa kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa.

**Maaari ko bang patagalin ang panahon kung saan ang kilos sa pag-alis ay mapapaliban sa aking kaso?**

Oo. Maliban kung matapos, ang mga indibiduwal na ang kaso ay tumagal alinsunod sa proseso ng konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, ay hindi sasailalim sa mga paglilitis sa pag-alis o hindi paaalisin mula sa Estados Unidos sa loob ng dalawang taon. Maaari kang humiling ng konsiderasyon para sa pagpahaba ng panahon na kilos ng pagpapaliban na iyon. Kailangan mo rin humiling ng mas matagal na panahon sa iyong awtorisasyon sa pagtrabaho sa panahong iyon. Ang iyong kahilingan para sa mas mahabang panahon ay isasaalang-alang ayon sa bawat isang kaso.

**Kung hindi gamitin ng USCIS ang kilos ng pagpapaliban sa aking kaso, maaari ba akong sumailalim sa mga paglilitis sa pag-alis?**

Kung ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa ay tinanggihan, gagamitin ng USCIS ang patakaran sa patnubay na namamahala sa pagrerekumenda ng mga kaso sa U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) at ang pagpapalabas ng Notices to Appear (NTA). Kung ang iyong kaso ay hindi kinasasangkutan ng krimen, paglilinlang, o pagbabanta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko, ang iyong kaso ay hindi irerekumenda sa ICE para sa layunin ng mga paglilitis sa pag-alis maliban sa mga bukod-tanging pagkakataon. Para sa mas detalyadong impormasyon sa gagamitin na patnubay ng NTA, bumisita sa **www.uscis.gov/NTA**.

**Ang prosesong ito ba ay magreresulta sa naaayon sa batas na katayuan ng mga tao na nakatanggap ipinagpaliban na pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa?**

Hindi. Ang pagpapaliban na kilos ay isang pagpapasya na ipagpaliban ang pagkilos na pagpapa-alis bilang kilos sa pagpapasya at hindi nagkakaloob sa iyo ng naaayon sa batas na katayuan.

**Anong mga pag-iingat mula sa pagpapahayag ang itinakda para protektahan ang impormasyon na aking ibinabahagi sa aking kahilingan para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa mula sa paggamit para sa layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon?**

Ang impormasyon na nilalaman ng kahilingan na ito ay protektado mula sa pagpapahayag sa U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) at U.S. Customs and Border Protection (CBP) para sa layunin ng mga paglilitis hinggil sa pagpapatupad ng imigrasyon maliban kung nakakatugon ang humihiling sa kriterya para sa pagpapalabas ng Paunawa para Humarap (Notice to Appear) o isang rekumendasyon sa U.S. Immigration and Customs Enforcement sa ilalim ng kriteryang naitakda sa Notice to Appear ng USCIS sa **www.uscis.gov/NTA**. Ang mga indibiduwal na ang mga kaso ay ipinagpaliban alinsunod sa proseso para sa konsiderasyon na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating

sa bansa (consideration of deferred action for childhood arrivals) ay hindi irerekumenda sa ICE. Ang impormasyon ay maaaring ibahagi sa mga ahensya ng national security and law enforcement, ikasama na ang ICE at CBP, para sa mga layunin maliban sa pagpapaalis, kasama na ang pagtulong na ipagpaliban ang pagkilos sa mga musmos o bata nang dumating sa bansa, para makilala o maiwasan ang mga mapanlinlang na pag-aangkin, para sa layunin ng seguridad ng bansa, o para sa imbestigasyon o pag-uusig sa isang krimen. Ang sugnay na nagbibigay impormasyon sa itaas ay sumasaklaw sa mga miyembro ng pamilya at mga tagapag-alaga, bilang dagdag sa humihiling mismo.

Ang patakaran na ito, na maaaring baguhin, mapalitan, o mapawalang-bisa kahit kailan nang walang abiso, ay hindi nilalayon, hindi umaasa ni hindi dapat asahan para makalikha ng anumang uri ng karapatan o benepisyo, tunay man o ugnay sa pamamaraan, maaaring ipatupad ng batas mula sa anumang partido, sa anumang saligang may kaugnayan sa administrasyon, sibil, o krimen.

## Pangunahing Impormasyon

| Pangunahing mga form na USCIS na sinasangguni sa gabay na ito | Form # |
|---|---|
| Konsiderasyon na Ipagpaliban ang Pagkilos sa Mga Musmos o Bata Nang Dumating sa Bansa (Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals) | I-821D |
| Aplikasyon para sa Awtorisasyon sa Pagtrabaho (Application for Employment Authorization) | I-765 |
| I-765 Worksheet | I-765WS |
| E-Notification ng Aplikasyon/ Pagtanggap sa Petisyon (E-Notification of Application/ Petition Acceptance) | G-1145 |

| Pangunahing mga website ng USCIS na sinasangguni sa gabay na ito | Web site link |
|---|---|
| Impormasyon tungkol sa proseso ng Deferred Action for Childhood Arrivals at mga madalas na katanungan | www.uscis.gov/childhoodarrivals |
| Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals na Form | www.uscis.gov/I-821D |
| E-Notification of Application/Petition Acceptance na Form | www.uscis.gov/ G-1145 |
| USCIS Notice to Appear Policy | www.uscis.gov/NTA |

| Iba pang mga Serbisyo ng Pamahalaan ng Estados Unidos - I-click o Tumawag | |
|---|---|
| Pangkalahatang Impormasyon | www.usa.gov |
| Mga Bagong Imigrante | www.welcometoUSA.gov |
| U.S. Immigration & Customs Enforcement | www.ice.gov |

Para sa mas maraming kopya ng gabay na ito, o impormasyon tungkol sa iba pang mga gabay para sa kustomer, mangyari lamang bumisita sa **www.uscis.gov/howdoi**.

Maaari ka rin bumisita sa **www.uscis.gov** para ma-download ang mga form, e-file at ilang mga application, tingnan ang katayuan ng iyong aplikasyon, at marami pang iba. Mainam itong lugar para makapagsimula!

Kung wala kang access sa Internet sa bahay o sa trabaho, subukan ang iyong lokal na aklatan.

Kung hindi mo mahanap ang iyong kailangan, mangyari lamang tumawag sa **Customer Service sa:**
**1-800-375-5283** *para sa may Kahinaan sa Pandinig na TDD Customer Service 1-800-767-1833*

**Pagtatatwa:** Ang gabay na ito ay nagkakaloob ng pangunahing impormasyon para tulungan kayo na maging pamilyar sa aming mga tuntunin at pamamaraan. Para sa karagdagang impormasyon, o para sa mga batas at regulasyon, mangyari lamang bumisita sa aming website. Maaaring mahirap unawain ang batas ng Imigrasyon, at hindi posibleng ilarawan ang bawat bahagi ng bawat isa sa mga proseso. Maaaring hangad mo na kumatawan para sa iyo ang isang may lisensyang abogado o ng isang nonprofit na ahensya na kinikilala ng Board of Immigration Appeals.